# Pasada

Jesame Dilag-Domingo

## KURBA O TUWID

Agosto 11, 2020

**P**ikit-matang itinangi ko ang pawis bilang kapatid ng ulan
**R**imarim habang suot-suot kapoteng kasuotan
**E**wan lang kung sasapat maskarang pangubli sa ilong, bibig, tenga't mata
**S**aka ibinalot pa ng guwantes mga kamay kong abala

**D**inama ko ang init na umaagos mula ulo hanggang paa
**U**maaray man sa kasuotan, PPE ang tawag ng iba
**T**angan-tangang inaalalayan may sintomas man o wala
**E**ksenang kahabag-habag nang nakapanlulumong nakontamina

**R**imarim noong Marso 2020 itinala sa Pilipinas bilang salot
**T**akot sa pandemya, sanlibutan binalot nang takot
**E**hemplo ito ng armageddon ilang buwan na ang inabot
**T**eka, bakit kurbang papatagin daw hanggang ngayo'y di maabot

**A**ng ilang oras na pagparo't pagparito, paghangos ko'y maririnig mo
**M**agkagano'y magpapatuloy pa rin ako, ibuwis man maging ang buhay ko
**A**ng sinumpaang tungkulin ng mga tulad ko'y malirip na wagas at totoo
**Na** ang pagtulong sa kapwa'y layuning tutuparin ko

**Pa**tuloy na haharapin hamon sa landasing walang tiyak na umaga
**Hi**hintayin matapos, di magagapos puso't isipan may gamúmo mang pag-asa
**Ra**son sa pag-usal ng dasal di pagsasawaang ialay sa aking bayan
**P**ara sa lahat ng mga lumuluhang wala nang tinig na kababayan

## DASAL

May sinasambit na himno sa simbahan
Inaanyayahang maglumuhod hila ang tuhod at talampakan

Nanambitang usal sa harap ng krus
Habang binibigkas mga hiling sa kandilang nauupos

Ano't hindi gaya ng nakasabit na iskapularyo sa batok
Habang inuupod ang rosaryo ng mga daliri sa kakukurot

Kawangis ito ng pananambitan
Ng mga nahihirating buhay sa putikan at lansangan

Isang paninikluhod ng kaisipan
Binubulong nang taimtim sa katahimikan

Walang agam-agam tumitingala sa kataas-taasan
Upang sakit na COVID-19 tuluyang malunasan

# PASADA

Nakikita mo sila
Panlilimos ang kinikita
Dati rati sa manibela
Nakasandig dangal nila

Aanhin ba ang ayuda
Pangako'y puro paasa
Kumakalam na ang sikmura
Tubig almusal at hapunan nila

Kulambo nila'y hamog
Habang naghahanap ng mugmog
Naninikluhod na pamahalaan
Makabiyahe man lang ang iilan

Tumataas na bilang ng mga sasakyan
Hindi sa kalsadahan kundi sa tambakan
Animo'y basahan at laruan
Matapos pakinabangan, busabos ang kinalabasan

Makikita mga kinuba ng burukrasya
Nakagigimbal at nauwi sa disgrasya
Pananambitan nila'y hustisya
Hanggang ngayon nganga pa rin sila

## PIL'AS
(Sa Ilongo)

Indi ka magpinalagpat
Bakunawa nga nagkawat
Nga'a ginkawat ang kwarta
Sining kalulu'oy nga banwa
Pag-agwanta sang tawo
Pangabudlay sa trabaho
Bilyones nga bwis ginhatag
Sa kamot ng yawa nadagdag

## BANGIN

Huwag kang kunwa-kunwarian
Bakunawang kawatan
Bakit ninakaw ang pera
Nitong kaaba-abang bayan
Pagtitiis ng tao
Pagpapakahirap sa trabaho
Bilyon-bilyong buwis ibinigay
Sa kamay ng peste nailagay